**MGA KATULONG SA BAHAY**
**Kabanata 6 Ang Liwanag ng Kalunsuran**
ni Vei Trong Phung
Salin sa Filipino ni Florentino A. Iniego
(Mula sa Vietnam)

Nang sumunod na gabi, bumalik ako sa bahay-kainan. Sa oras na ito, sa halip na bumalik ako sa kwarto sa itaas na dati kong tinutulugan, binulyawan nila ako. Ako raw ay isang bugaw, at ang matandang babaeng nagdala ng mga katulong ay di na nagbalik upang bayaran ang aking upa sa pagtulog.

Ngunit masuwerte pa nga raw ako ngayo't pinayagang matulog dito sa tinatawag nilang lagusan, at pababalikin ang matandang babae upang magbayad ng upa. Hindi na ako nakipagtalo sa kanila.

Tumuloy lang akong parang walang narinig. Nakatungo ang ulo at mabilis na dumaan sa kusina at humantong sa patio na tinatawag nilang "lagusan". Buti na lang, hindi ako nag-iisa. Higit sa sampung tao ang naroon. Nakahiga at nakaupo sa banig na nakalatag sa malalapad na tabla habang natatanglawan ng liwanag ng buwan. Tila tambakan ng tabla ng mga kahoy ang patio ng bahay-kainang ito.

Walang maaninag na kariktan sa lugar na ito. Makikita sa paligid ang marumi, mataas, manipis na dingding at bubungang nanlilimahid sa kaitiman. Sa kanang bahagi ay naroon ang kulungan ng manok, sa harap ay ang baradong kanal at ang alingasaw ng di-umaagos nitong pusali, sa kaliwa ay isang kubetang bukas para sa publiko. Nalungkot ako sa liwanag ng buwan.

Nang tumabi ako sa mga taong naroon, nakita ko ang tatlong batang nakasama kong matulog sa kwarto sa itaas dalawang gabi na ang nakalipas. Di man lang mabanaag ang kalungkutan o pag-aalala sa musmos nilang mga mukha. Samantala, napakamiserable ng histura ng iba, sa damit pa lang nila'y sapat na masasaksihan ang paghihirap na kanilang dinanas sa tanang buhay.

May isang kalbong napakaputla ng mukha. Ngunit dahil sa kabataan, tila normal siyang pagmasdan, at tingin ko'y kalalabas lang niya ng ospital o bilangguan. Nakaupo siyang dinidilaan ang isang pirasong papel na nababahiran ng itim na sangkap. Noong una'y di ko alam ang kaniyang ginagawa., 'yung pala ay hinihimod niya ang tira-tirang opyo. Ang isa nama'y may napakahabang leeg at may nakatapal na tatlo hanggang apat na gamut na plaster dito. Nakaupo siya at nakatingala, tulad ng isang astrologo na nagmamasid sa mga bituin. Ang ikatlong bata ay maingay na nagkakamot, at habang umuupo siya'y umuubo at dumudura. May isang matandang babae na maayos ang kasuotan ngunit walang kibo't buhaghag ang pagmumukha. Nakaupo siyang hawak ang isang pamaypay na yari sa hiyas na kawayan na ipinapamaypay sa mukha ng iba pa na tila kanyang mga anak. Ang anim pang iba, na nakasuot ng gusgusing damit ng magsasaka, ay mahimbing na natutulog.

Di man lang ako pansinin ng sinuman sa kanila ng mahiga ako sa banig. Sigurado akong wala silang kapera-pera kaya nga dito sila nakatulog gayundin, tulad ng kanilang bulsa, wala ring laman ang kanilang tiyan. Samantala, ninais nilang tumigil dito, hindi dahil sa mabait ang may-ari ng bahay, kundi dahil puwede silang makalabas upang mamalimos at makabalik upang bumili ng pagkaing inihanda ng may-ari. At kung mayroon man silang nakulimbat, tiyak na nakahanda rin itong bilhin ng may-ari. Hindi dahil sa nais ng may-ari na biglang gawing bahay ng kawanggawa ang kaniyang tahanan.

Sa kanilang hitsura ng pananamit, ang labintatlong ito ay hindi taga siyudad. Galing sila sa probinsya dahil wala silang mahanap na trabaho roon upang makakain ng dalawang beses sa isang araw. Sinisilaw at sinusuhulan sila ng siyudad. Nang umalis sila sa probinsya, hindi nila alam na ito ang kanilang kahihinatnan. Tiwalang makakakita ng trabahong maipagmamalaki nila. Ibinilad ang kanilang mga sarili sa araw at sinuong ang ulan habang namamalimos ng pera o isang takal ng bigas bago makarating sa Hanoi.

Mahal kong mambabasa, isipin mo lang ang Hanoi: kalye bawat kalye. Isipin mo ang isang pagod na magsasakang naliligaw sa pasikot-sikot na siyudad. Bawat kalye’y may bahay, daanan at eskinitang pare-pareho at walang katapusan. Isang magsasaka ang lakad ng lakad, napapagod at tumitigil. Nagugutom siya ngunit walang makain, dahil wala siyang pera. Nais niyang magpahinga ngunit walang matuluyan, dahil wala siyang pambayad.

Pagod man siya, kailangan niyang sumulong. Magdahan-dahan man, hindi na siya makausad. At sa malas, di siya pinahintulutang tumigil sa siyudad, at kailangan niyang maglakad, pasok nang pasok sa bawat kalye, minsa’y paikot-ikot nang hindi alam kung saan pupunta. Pagdating ng interseksiyon, nakakita siya ng kulumpon ng mga tao. Sa tingin niya’y taga-probinsya ang mga ito, tumigil siya. Isang mukhang matalinong babae, na may gintong hikaw, at tila mayaman ang dating ang kumaway, hudyat upang tumigil ang magsasaka. Malakas ang kanyang boses: “Hoy, saan ka pupunta, pagod na pagod ka? Gusto mo ba ng trabaho? Halika, dali!”

Natuwa ang magsasaka dahil nakasalubong siya ng isang taga-siyudad na handing makipag-usap. Ngunit para saan? Naaawang binanggit ng babae na tutulungan siyang makahanap ng trabaho! Kaya, sa loob ng ilang araw, mayroon siyang makakain habang tumitigil sa pinto ng isang bahay-kainan o sa tabi ng isang sinehan. Kung tutuusin, ganito ang istorya ng lahat ng mga magsasaka. Ilang interseksiyon mayroon ang siyudad? Ilang trabaho ang nakalaan para sa sawing nilalang na nagnanais pumasok sa kalakal ng mga kasambahay? Ilan ang bilang ng ganitong trahedyang nagaganap bawat araw sa siyudad?

Ang labintatlong nilalang na ito ay katulad ng mga gamugamong nasilaw sa liwanag ng kalunsuran.

Pinatuloy sila ng tiwalang may-ari ng bahay-kainan sa isang sulok ng kaniyang tirahan. Sa araw, naroon sila’t nakahambalang sa kalsada. Habang naghihintay ng trabaho, unti-unti nilang nagagastos ang kanilang naitatabing pera. Kapag walang natira

at wala pa ring trabaho, at walang madilihensya, kinakailangan na nilang itaya ang kanilang buhay. Ang mga babae ay nasadlak sa pagbebenta ng laman at ang lalaki'y nakagagawa ng krimen. At ngayon, bago pa lumala ang kalagayan, sila'y nakahimlay at tahimik na naghihintay sa unos na darating.